# Militanteng Kilusang Manggagawa sa Kamaynilaan:
## 1972-1982 paghupa, pag-ahon, pag-agos

DANTE L. AMBROSIO



PAGKATAPOS NG 1987, NAGKAROON ng paghupa sa mga kilos at aktibidad ng militanteng kilusang manggagawa sa Kamaynilaan. Totoong may mga bugso ng aktibidad pagkatapos nito gaya ng mga welgang bayan ng 1988 at 1989, subalit di nito nabago ang pangkalahatang kalagayan ng kilusan. Hindi bago ang ganitong penomenon sa militanteng kilusang manggagawa. Lagi nang sinusundan ang sagsag na pagkilos ng paghupa. Matapos ang ilang panahon, ang paghupa ay sinusundan din ng pag-agos. Sinasamantala ng mga maykapangyarihan ang bawat paghupa para itaguyod ang sarili nilang interes, bawiin ang mga napagtagumpayan ng kilusan at konsolidahin ang kanilang posisyon laban sa nakikibakang manggagawa.

Kailangang unawain ng kilusan ang penomenon na ito upang mapangalagaan ang sarili at patuloy na sumulong. Isang pagtatangka ang artikulong ito para mag-ambag sa pag-unawa sa paghupa, pag-ahon, pag-agos at pagragasa ng militanteng kilusang manggagawa, partikular sa Kamaynilaan sa panahong 1972-1982, ang kasagsagan ng batas militar.

## Pagsigla at paghupa ng mga protesta at kilusang panlipunan

Ayon kina Piven at Cloward, bihira ang pagkakataon na nakakapagprotesta ang mahihirap. Ang pagkakataon para ito gawin, ang anyong magagamit at ang impak nito ay nililimitahan ng istrukturang panlipunan sa paraang nababawasan ang saklaw at puwersa nito.[1]

Nagaganap ang protesta, ayon sa dalawa, kapag malakas ang presyur sa tao na maghangad ng pagbabago at kapag humina ang sistema ng kontrol ng lipunan sa kilos ng tao. Nangyayari ang mga ito kapag may malalaking pagbabagong pampulitika at pang-ekonomiya sa lipunan. Ngunit ang malalaking pagbabagong ito ay bihirang maganap, kaya bihira ding lumitaw ang presyur sa tao at ang paghina ng sistema ng kontrol ng lipunan. Dahil dito, bihirang dumating sa mga mahihirap ang pagkakataon para makapagprotesta.

Sa lipunan at pang-araw-araw na buhay, may mga institusyon at kaugalian na nagsisilbing mekanismo sa mapayapang resolusyon ng mga hinaing at diskontento. Kaya kahit may diskontento, hindi basta-basta nagkakaroon ng protesta. Kapag di nakagana nang maayos ang mga mekanismong ito, nagaganap ang malawakang protesta.

Ang mga protesta, gayunman, ay binibigyang-hugis ng kadyat na kapaligirang kinapalooban ng mga nagpoprotesta. Bunga ng kaayusang institusyonal ang mga kadyat nilang kahilingan. Ito ang nagtatakda kung paano sila sama-samang magpoprotesta at kung kailan ang estratehikong oportunidad para dito. Sa mga manggagawa, pabrika at relasyong industriyal ang kadyat na kaayusang kinapalooban nila. Mangyari pa, apektado rin sila ng mga prosesong nagaganap sa labas ng pabrika gaya ng kalagayan ng pamilihan, katangian at patakaran ng pamahalaan at katayuan ng opinyong publiko.

Ang impak ng protesta, ayon kina Piven at Cloward, ay nakadepende sa lawak at bisa ng "kaguluhang" magagawa nito sa kaukulang institusyon at sa mas malawak na larangang pampulitika. Nakasalalay naman ang lawak at bisang ito sa kahalagahan ng kontribusyong ipinagkait ng mga nagprotesta sa kinauukulang institusyon, kung may

kakayanang ibigay ng pinagpoprotestahan ang mga kahilingan at kung may kakayanan ang mga nagpoprotesta na ipagtanggol ang sarili sa kontra-aksyon ng katunggali.

Sa mga manggagawa, ang pagkakait ng serbisyo ay may malakas na impak sapagkat titigil ang operasyon ng pabrika. Kung tutuusin, anumang aksyong manggagawa na may masamang epekto sa produksyon ay tiyak na may malakas na impak sa institusyon.

Ibayo ang lakas ng protesta kung "magugulo" nito pati na ang kalagayang pampulitika. Sa bihirang pagkakataong ito, napupuwersa ang mga lider-pampulitika na makialam – para mapahinto ang protesta at mapanatili ang katiwasayan sa lipunan.

Sa kaso ng Pilipinas sa panahon ng batas militar, ang usapin ng istabilidad at kredibilidad ng rehimeng batas militar ang nagtakda sa bisang pampulitika ng mga protesta. Isinalalay ng rehimen ang kanyang buhay sa paghawak ng kapangyarihan sa pamamagitan ng puwersa at panlilinlang at sa pagtataguyod dito ng mga dayuhang gobyerno at institusyon. Anumang pangyayari na hahamak sa kanyang puwersa, maglalantad sa kanyang panlilinlang at magbibigay-duda sa kanyang kontrol sa sitwasyon ay mga dahilan para malagay sa alanganin ang istabilidad at kredibilidad nito. Madarama ang pampulitikang bisa ng protesta, kung gayon, sa kung hanggang saan inilalagay nito sa alanganin ang istabilidad at kredibilidad ng rehimen.

Humihina ang protesta bunga ng mga hakbang ng awtoridad para ito masawata. Maaari itong magbunga ng pagkawasak ng kilusang protesta at ng pagbabago ng kapaligirang pampulitika na pabor sa mga nagpoprotesta.

Sa pagkilala ng awtoridad sa makatarungang batayan ng protesta, sa pagbibigay nito ng mga konsesyon at bukas-palad na pagtanggap muli sa mga "nanggulo", nababago ang opinyong publiko na pabor sa protesta. Dahil dito, nawawala ang suportang publiko na mahalaga sa pampulitikang impak nito. Ang dalawang importanteng panloob at panlabas na salik sa tagumpay ng protesta – ang komitment ng mga nagpoprotesta at ang suportang publiko – ay naaagnas sa ganitong kalagayan.

Kapag nasawata na ang protesta at iba na ang inaatupag ng mga tao, posibleng bawiin ang mga konsesyon. Posible ring panatiliin ito bilang reporma sa lipunan dahil natuklasan ito ng awtoridad na makakabuti sa *status quo*.

Humihina at humuhupa din ang protesta at ang kilusan minsang makamit ang mahalagang bahagi kundi man ang kabuuan ng mga kahilingan at layunin. Sa pagkakataong ito, kailangang umangkop sa bagong kalagayan ang kilusan kung nais nitong manatiling mahalagang puwersang panlipunan at patuloy na maisulong ang pangmatagalan nitong adhikain. Sa ganitong panahon nagaganap ang malawakang pagsusuri sa oryentasyon, layunin at pamamaraan ng buong kilusan. Lalala ang mga problemang panloob kung hindi makaangkop ang kilusan hanggang sa tuluyan itong humina.

### *Malalaking pagbabago sa panahon ng batas militar*

Maraming ibinigay na dahilan ang batas militar para mag-alsa ang mga tao. Malalaking pagbabagong pampulitika, pang-ekonomiya at panlipunan ang idinulot nito sa bayan.

May dalawang elemento sa kalagayang panlipunan ang nagbigay sa militanteng kilusang manggagawa ng pagkakataon para umunlad. Una, ang epekto at resulta ng sistemang pampulitika at programang pangkabuhayan na pinairal ng gobyernong batas militar. Ikalawa, ang paglakas ng mga puwersang pampulitika at panlipunan na tumulong sa pagbuo ng paborableng sentimyentong publiko pabor sa militanteng kilusang manggagawa.

Maipapahayag nang ganito ang unang elemento: Itinatag ng batas militar ang isang rehimen na sumolo sa mga kapangyarihang pampulitika at benepisyong pang-ekonomiya; na nabigo sa pangakong kaunlaran at kasaganaan sa mamamayan na dinaan nito sa puwersa at panlilinlang; na nanatiling mahina, sa kabila ng mabalasik nitong postura, sa pagkontrol sa mga protesta at aksyong masa; at labis na sumandig para sa sariling pananatili sa mga dayuhang tagasuporta nito.

Pagkahati ng elite ng bansa ang kadyat na bunga ng pagkatatag ng rehimeng batas militar nang kamkamin

ng pangkating Marcos ang kapangyarihang pampulitika at benepisyong pangkabuhayan. Nahiwalay ang malaking bilang ng elite sa pampulitikang proseso at pang-ekonomiyang benepisyo. Kabilang sa dumanas nito ang mga tradisyonal na lider ng bansa at ang mga potensyal na lider sa iba-ibang larangan ng gawain at aktibidad na nasa sinapupunan ng mga kilusang pagbabago – moderato at radikal. Marami sa mga ito ang lumaban sa diktadura sa iba't ibang paraan.

Ang programang pangkaunlaran ng rehimen ay nagbunga rin ng pagkahiwalay ng maraming manggagawa, magsasaka, maralita at grupong etniko na naging biktima ng programa. Hindi lamang simpleng pagtutol kundi aktibong paglaban sa mga proyekto ang inilunsad nila.

Masidhing panunupil at karahasan ang pinakawalan ng rehimen sa nakibakang mamamayan. Sinarhan sa simula ang mga tradisyonal na daluyan ng hinaing at sinuspindi ang mga karapatan ng mamamayan. Sinundan ito ng malubhang paglabag sa karapatang pantao at marahas na pagsupil sa mga protesta. Sa halip na makatakot, naging dagdag na dahilan ng ibayong paglaban ang pagsupil na ito. Kahit gumamit ng dahas, di masawata ng rehimen ang pagtutol at paglaban.

Dahil may programang nais ipatupad, nagbukas ang rehimen ng mga alternatibong institusyon at mekanismo para kontrolin ang kilos ng mga tao at padaluyin dito ang lakas nila. Pero ang mga ito, kabilang ang reperendum at arbitrasyon, ay napatunayan ng nakibakang taumbayan na hindi makatugon sa kanilang kahilingan at adhikain. Mas masama pa, nagamit ito ng rehimen para manlinlang sa loob at labas ng bansa.

Pinagmulan mismo ng pagtutol at ginamit na daluyan ng protesta ng taumbayan ang mga institusyon at mekanismong ito. Sinamantala ng mga nakikibaka ang anumang konsesyon na ibigay ng rehimen at anumang "pagluluwag" sa mahigpit na kalagayan para mapaunlad ang pakikibaka. Hindi nagawa ng gobyerno na sawatain ang pagtutol at paglaban sa mga mekanismo at pamamaraang ito.

Higit na lumawak ang pagkakataon na magprotesta nang mabigo ang rehimen na suklian ng kaunlaran ang puwersahang pagdisiplina sa tao. Hindi lamang nagbunga

ng krisis kundi nagresulta rin sa bagong panggagalingan ng paglaban ang programang pangkaunlaran ng rehimen. Halimbawa nito ang paglitaw ng mga bagong sona ng industriya sa paligid ng Kamaynilaan at ilang rehiyon ng bansa. Nagsilbing bagong sentro ng pakikibakang manggagawa ang mga sonang ito. Mababanggit din ang mga proyektong Chico Dam sa Montañosa at mga modernong daungan sa Navotas at Tondo na nagpasiklab ng mga protestang multisektoral.

Hindi lamang nagbunga ng kapahamakan sa bansa ang labis na pagsandal ng rehimen sa dayuhang tagasuporta nito. Binuksan nito ang gobyernong batas militar sa pakikialam ng mga dayuhang tagasuporta nito. Ukol man ito sa pagtupad ng mga kondisyon ng dayuhang pautang o ukol sa pagmentena ng istabilidad sa bansa o sa "pagrespeto" sa karapatang pantao – ang lahat ng ito ay pinagmulan ng dayuhang presyur na kumupot sa makikilusan ng rehimen. Bagay na sinamantala ng nakibakang mamamayan para paluwagin ang larangan ng pagtutol at paglaban.

Maipapahayag ang ikalawang elemento sa ganitong paraan: Pinalakas ng batas militar at ng matinding krisis panlipunan ang mga puwersang pampulitika at panlipunan na kontra-diktadura. Responsable ang mga ito sa pagdadala ng paborableng sentimyentong publiko sa militanteng kilusang manggagawa.

Sa pampulitikang puwersa na lumakas nang ipataw ang batas militar, ang Kilusang Pambansang Demokratiko (KPD) ang sumalo sa maraming tao na nais lumaban sa rehimeng Marcos. Maraming aktibista ng KPD ang nagpaunlad sa iba't ibang larangan ng pakikibaka.

Ikinalat ng KPD ang ilan nitong mahusay na organisador at maraming bagitong aktibista sa pabrika at komunidad ng manggagawa para imulat, iorganisa at pakilusin sila. Lumubog ang ibang puwersa nito sa ibang sektor at tumulong sa pagpapaunlad ng pakikibaka nila. Sa pamamagitan nito tumulong ang KPD sa pag-uugnay ng mga sektor hanggang sa mabuo ang malakas na suportang multisektoral sa bawat nakibakang sektor, kabilang iyong sa mga manggagawa.

Sa pag-unlad ng pakikibakang sektoral, lumakas at lumawak ang kilusang antidiktadura. Napanday ang mga

ugnayan, tulungan at pagkakaisa ng mga nakibakang mamamayan sa pag-unlad ng mga pakikibaka. Binuo ito simula ng mga unang biktima ng batas militar. Sa paglubha ng krisis, pati na ang unang nakinabang sa batas militar – ang ilang malalaking negosyante at isang bahagi ng militar – ay lumaban na rin sa rehimen.

Pinanggalingan ang paglawak ng kilusang antidiktadura ng iba't ibang uri ng suporta sa militanteng kilusang manggagawa. Bukod sa mga suportang moral, materyal at pinansyal, dinala ng kilusang antidiktadura sa militanteng kilusang manggagawa ang malakas na opinyong publiko.

Pinalawak ng pag-unlad ng kilusang antidiktadura ang larangang nakikilusan ng mga militanteng manggagawa; nagbukas ito sa kanila ng maraming oportunidad para makuha ang sentimyentong publiko at suporta, kabilang na iyong mula sa ilang di inaasahang pagmumulan nito. Nagsilbi itong matibay na kalasag laban sa mga atake ng rehimen at malalim na balon ng suporta para sa mas matatag na pakikibaka.

Dapat alalahanin na ang pakikibaka mismo ng mga manggagawa sa panahon ng batas militar ay isang mahalagang sangkap sa pag-unlad ng dalawang elemento na umimpluwensya sa pag-unlad ng pakikibaka at kilusang manggagawa.

## Pag-unlad ng militanteng kilusang manggagawa

### *Paghupa ng kilusan at preserbasyon ng puwersa, 1972-1975*

Sa simula, itinakda at binigyang-pagkakataon ng mga paghihigpit at mga daluyang pinanatiling bukas o binuksan ng rehimen ang mga unang anyo ng protesta at organisasyon na inilunsad at binuo ng mga manggagawa.

Ipinagbawal ang welga, piket, demonstrasyon at ibang anyo ng protestang masa. Ngunit pinahintulutan naman ang kolektibong pakikipagtawaran at ginamit muli ang boluntaryo at sapilitang arbitrasyon bilang mekanismo sa paglutas ng

karaingan ng mga manggagawa. Ipinagbawal ang mga radikal at "subersibong" organisasyon, ngunit hindi ang mga unyon at mga pederasyon.

Sa labas ng industriya, isinara ang Kongreso, binawasan ang hurisdiksyon ng mga hukuman at sinuspindi ang mga eleksyon. Gayunman, inengganyo pa rin ang mamamayan na lumahok sa mga reperendum at konsultasyon, at lumapit sa mga ahensya ng gobyerno at militar para sa kanilang mga hinaing.

Sa kalagayan ng matinding panunupil sa pagkapataw ng batas militar, nagkaroon ng paghupa sa malawakang protesta at aksyong masa sa Kamaynilaan. Umiwas sa mga malawakang protesta at umurong sa matiyagang kayod sa mga pabrika at komunidad ang mga militanteng unyonista at aktibista. Pinadaloy ng mga manggagawa ang kanilang hinaing sa mga mekanismong hinayaang umiral ng gobyernong batas militar.

Kaya nandiyan ang kolektibong pagtatawaran at negosasyon ng mga manggagawa sa *management*; nandiyan ang pagsampa ng kaso sa NLRC o Korte Suprema. Nandiyan ang pagdulog ng hinaing sa mga ahensya ng gobyerno, hanggang kay Presidente Marcos mismo.

Sa mga pabrika at planta mismo naganap ang pakikibakang manggagawa sa panahong ito. Sa simula hindi lamang sa mga pinahintulutang daluyan at mekanismo umasa ang mga manggagawa. Sinabayan nila ng kolektibo o sama-samang pagkilos ang pakikipagnegosasyon at iba pang legal na hakbang ng kanilang samahan.

Dahil bawal ang welga at protestang masa, mapanlikhang gumamit ng ibang anyo ng kolektibong presyur ang mga manggagawa. Kabilang sa "legal" na anyo ang petisyon, delegasyon, maramihang pagsugod sa mga opisina, misa at iba pa. May mga "ilegal" na pagkilos gaya ng *slowdown* at paninira ng parte ng makina at ng produkto bilang bahagi ng pagpapabagal ng trabaho.

Nagboykot, halimbawa, ang mga trabahador ng Pampanga Sugar Mill (PASUMIL) noong Disyembre 1973 nang di sila pasuweldunin at di ibigay ang bonus nila.

Tumigil sa pamamasada ang mga tsuper sa Maynila, Davao, Baguio at Iloilo noong Oktubre at Nobyembre 1973 nang dalawang beses na itaas ang presyo ng langis.[2]

Nabalita rin ang iba't ibang anyo ng protesta sa isang pabrika sa Parañaque simula unang linggo ng Marso 1974. Kabilang dito ang *slowdown*, maramihang di pagpasok sa isang departamento, *sitdown strike* sa isang seksyon, pagsira ng 4-5 makina araw-araw na kinukumpuni ng mga mekaniko makaraan ang tatlong araw, pagbali ng karayom na nagpapabagal ng produksyon, at paglalagay ng depekto sa yaring produkto para maredyek ang mga ito.[3]

Mga ilegal na paraan ng protesta ito. Ngunit sa kalagayang maraming bawal ("kulang na lang ipagbawal ang paghinga"), ilegal na anyo ng protesta ang ilan sa nasumpungan ng mga manggagawa.

Nag*sitdown strike* din sa isang pabrika ng guwantes sa Canlubang, Laguna noong Nobyembre 1974. Bago ito, nag*sitdown strike* sa Apple Sidra noong Oktubre 1972; maramihang dumagsa sa Department of Labor (DOL) ang mga taga-Northern Motors noong Hulyo 1974; sabay-sabay na nagdasal ang mga taga-Franklin Baker noong 1974 sa oras ng negosasyon; nagpetisyon ang may 120 lider ng PAFLU kay Presidente Marcos para ibalik ang welga at itaas ang sahod.[4]

Habang abala ang mga lider ng establisadong pederasyon sa unipikasyon at pagrereestruktura ng kilusang manggagawa ayon sa itinakda ng gobyernong batas militar, abala naman ang mga bagong litaw na militanteng unyonista at samahan sa pagsusulong ng militanteng unyonismo sa mga pabrika at planta ayon sa kakayahan ng manggagawa at sa hinihingi ng sitwasyon.

Sa anyo ng organisasyon, nagbuo ang mga manggagawa ng mga militanteng samahan habang kinonsolida ang mga pederasyon. Kahit kinulong ang kanilang mga lider at organisador, sinikap patibayin ng mga kilalang militanteng pederasyon bago magbatas militar – NATU, PAFLU, NAFLU, pati na FFW – ang hanay nila upang katawanin sa mga legal na laban ang mga manggagawa.

Tinipon ng Kilusang Pambansang Demokratiko (KPD) ang natirang puwersa nito sa anim na distrito ng Kamaynilaan para magsagawa ng gawaing masa sa iba't ibang sektor, pangunahin sa manggagawa. Nagbuo ang Simbahang Katoliko, katulong ang ilang pambansang demokrata at sosyal demokrata, ng Church Labor Center (CLC) para umagapay sa mga nakikibakang manggagawa.

Pagpasok ng 1975 kumbinsido ang mga manggagawa, batay sa dalawang taong karanasan, na hindi sapat na umasa ng lunas at katarungan sa mekanismong inilaan ng diktadura. Nakita nilang kailangan ang militanteng pagbubuklod, ang sama-samang pagkilos at ang pakikipagkaisa sa mga makukunan ng suporta. Malaki ang naiambag ng pakikibaka ng mga batilyo at ng mga taga-Gelmart noong 1974-1975 sa pagkaunawang ito. Ito ang nagdiin sa aral na muling diniskubre sa init ng pakikibaka sa maagang panahon ng batas militar: "Nasa pagkakaisa at sama-samang pagkilos ang tagumpay."

Hinalimbawa ng mga batilyo at ng mga taga-Gelmart ang prosesong dinaanan ng pakikibakang manggagawa hanggang 1975.[5] Matapos magpasyang kailangang ilaban ang mga kahilingan at karapatan, lihim na nilikha ng mga manggagawa ang pagkakaisa hanggang mabuo ang samahang kakatawan sa kanilang interes. Mga legal at hayag na samahan ito na may mga lihim na grupong manggagawa sa ubod para magsilbing gulugod ng samahan.

Ang samahan ang siyang namuno sa pagsusulong ng mga kahilingan at karapatan nila. Nagpursigi ito sa legal na paraan at mekanismong itinakda ng batas. Kasabay nito, ginamit ng samahan ang taktika ng sama-samang pagkilos upang ipreysur ang *management* at ahensya ng gobyerno. Sa taktikang ito nakatitiyak ang samahan ng lawak ng suporta ng manggagawa, gayundin ng lawak ng partisipasyon at lalim ng komitment ng mga miyembro na mahalaga sa tagumpay ng pagkilos.

Ginamit ng manggagawa ang mga posibleng panggagalingan ng lakas at suporta sa pakikibaka. Kaya pumutok sa ibang sektor ang usapin ng mga batilyo at manggagawa ng Gelmart ay dahil sa paglapit at paghingi nila ng tulong sa mga ito.

Hindi pa man natatapos ang kani-kanilang usapin, tuwiran nang nakapag-ambag ang mga batilyo at taga-Gelmart sa layunin ng militanteng unyonismo at ng pakikibakang antidiktadura. Sa ingay na nilikha ng kanilang pakikibaka nailagay sa alanganin ang ipinandudurong lakas ng batas militar. Hindi lamang aral at karanasan, hindi lamang inspirasyon ang hatid nila sa nakikibakang manggagawa at mamamayan. Mula sa hanay nila nanggaling ang maraming lider at organisador na nagpalaganap at nagpalakas sa militanteng unyonismo at pakikibakang antidiktadura.

Binigyan ng panghuling ekspresyon ng La Tondeña ang kapasyahang lumaban ng manggagawa noong 1972-1975. Gaya ng ibang manggagawa, dumaan din ang mga taga-La Tondeña sa mahaba at mahirap na proseso ng paglaban sa mga mekanismong binuksan ng rehimen. Nang di na makatiis at wala nang makitang paraan, sinigaw na nila ang sigaw ng kanilang panahon: "Sobra na! Welga na kami!"[6]

Nagtagumpay sa welga nila ang mga taga-La Tondeña. Muling hinawakan ng mga manggagawa ang pinakamabisang sandata kontra sa *management*. Pumutok ang welgang umalingawngaw sa lahat ng sulok ng Kamaynilaan. Sa panahong ito nahayag ang kahinaan ng rehimen sa harap ng sama-samang protesta.

### *Pagbulwak ng protesta at pag-ahon ng kilusan, 1975-1976*

Nang makita ng manggagawa na walang nangyayari sa daluyang pinahintulutan ng rehimen, gumamit sila ng mga anyo ng pagkilos at organisasyon na lumabas sa hangganang pinahintulutan ng gobyerno.

May tatlong magkaugnay na proseso sa pagbulwak ng protesta at pag-ahon ng kilusan:

- paggulong ng multisektoral na kampanyang kontra-PD 823 na tinampukan ng dalawang martsa at demonstrasyon;
- paglaganap ng protestang manggagawa sa anyo ng mga welga ng Oktubre 1975-Pebrero 1976 at sa mabilis na paglawak ng *Bukluran ng Manggagawang Pilipino* (BMP o *Bukluran*); at,

• pagharap ng pampulitikang kahilingan bukod sa mga panimulang kahilingang pang-ekonomiya.

*Multisektoral na kampanyang kontra PD 823*

Bunga ng welga ng La Tondeña at iba pang pabrika noong Oktubre, ipinataw ng rehimen noong Nobyembre 1975 ang PD 823. Mahigpit nitong ipinagbawal ang lahat ng anyo ng welga, piket at *lock-out.* Ipinagbawal ang pakikisangkot ng mga dayuhan sa gawaing unyon. Ipinagbawal din ang pagtulong ng mga Pilipino, kasama ang taong-simbahan, sa mga manggagawa nang walang pahintulot ang gobyerno. Mabigat ang parusa sa lalabag sa dekreto: kadyat na pagpapatapon sa mga dayuhan at pagkakakulong ng walang takdang panahon.

Kadyat ang pagtugon ng mga tao kontra sa dekreto. Dalawang arsobispo at 21 obispo ng Simbahang Katoliko ang tumutol sa dekreto ayon sa mga aral panlipunan at misyon sa daigdig ng simbahan. Kinontra ng dating Punong Mahistrado ng Korte Suprema J.B.L. Reyes at ng Integrated Bar of the Philippines (IBP) ang dekreto. Kinondena rin ng Civil Liberties Union of the Philippines (CLUP) ang dekreto at mga susog dito.[7]

Tumutol din ang mga maralitang tagalungsod na tuwirang kasangkot sa welga ng La Tondeña at pinagkaitan din ng karapatang magprotesta ng batas militar. Maging ang mga estudyante, laluna sa UP, na ipinaglalaban ang pagbabalik ng mga konseho, pahayagan at mga karapatang akademiko ay pinasigla ng pagtutol sa PD 823.

Gumulong ang kilusan sa pagpapawalang-bisa sa PD 823. Sa panahong ito natagpuan ng taumbayan ang mabisang sandata sa pakikibaka: "Sa sama-samang pagkilos ang dagat ay matatambakan; sa sama-samang pagkilos ang bundok ay mapapatag."

Pinangunahan ng *Bukluran* ang kampanya kontra-PD 823, kasama ang CLC at iba pang organisasyon. Tinampukan ito ng ilampung simposya at pagtitipon, gayundin ng dalawang misa-prusisyon na naging martsa-rali noong Nobyembre 23 at Disyembre 6.[8]

Ang misa-prusisyon noong Nobyembre 23, 1975 – pista ng Kristong Hari – sa Simbahang Sta. Cruz at Plaza Miranda ang unang malakihang multisektoral na pahayag ng protesta sa panahon ng kampanya. Ang pagtitipon ay dili iba't isang misa ng pagtutol.

Higit na hayag ang protestang ginawa noong Disyembre 6, na itinapat sa pagbisita sa Pilipinas ni Presidente Gerald Ford ng Estados Unidos. Nagsimula ang misa sa harap ng Simbahang V.O.T. sa Bustillos, Sampaloc. Nang matapos ang misa, sinimulan ang prusisyon patungong Malacañang nguni't hinarang ito ng mga pulis at militar. Sa halip na prusisyon pa-Malacañang, isang martsa papuntang Plaza Miranda ang idinaos.


Unang-unang pagkakataon ito mula nang magbatas militar na nagmartsa at muling nakasigaw nang buong laya ang mga tao sa lansangan ng Maynila. Muling inagaw ang mga lansangang kay tagal ding ipinagkait sa mga tao.

### *Bukluran at bugso ng welga*

Mariing ipinahayag ng mga manggagawa sa mismong pagwewelga ang pagtutol sa PD 823. Humigit-kumulang sa 30 welga at protesta ang pumutok noong Oktubre 1975-Pebrero 1976. Ayon sa Ministry of Labor and Employment (MOLE), limang welga ang naitala noong 1975. Sa buong 1976 mayroong 86 na welga ang nairekord nito. Sinuportahan din nila ang militanteng alyansang namuno sa mga welga at kampanyang kontra-PD 823.

Pangkabuhayang usapin ang ipinaglaban ng unang bugso: pamasko at *13th-month bonus* sa RMC, Unitex, Syntex, Solid Mills, Mayon Ceramics at Litex; *sick leave* at *vacation leave* sa Eastex, isang buwang sahod sa Litex, *emergency allowance* sa MD-CAM, *conversion allowance* sa RMC at *certification election* sa AG & P.[9]

Bukod sa welga may apat na nagtangkang magmartsa: tatlo ang pa-Malacañang (Litex, Syntex at AG & P) at isa ang pa-Korte Suprema (AG & P). Iyon lamang martsa ng AG & P sa Korte Suprema ang nakarating sa paroroonan. Hinarang ng PC-Metrocom ang mga papuntang Malacañang.


Bukluran

WELGA SA LIMANG PAGAWAAN

Hindi nagtagal ang mga unang bugso ng welga. Ilang oras lamang at tapos agad. Sa ilang pagkakataon, ibinigay agad ng *management* ang kahilingan ng mga welgista. Sa iba, sinuyod ng PC-Metrocom at pulis ang mga nakawelgang pabrika, binantaan ang mga welgista o kaya ay trak-trak silang hinakot at ikinulong ng ilang oras o araw sa Fort Bonifacio.

*Bukluran* ang nagdala sa mga protesta ng panahong ito. Mga kinatawan ng walong pagawaan, kabilang ang mga taga-asukarera ng Cavite at Pampanga, ang bumuo sa unang grupo nito noong Mayo 1, 1975. Noong huling kwarto ng 1975 hanggang unang kwarto ng 1976, nangibabaw ito bunga ng pangunguna at pagsuporta sa mga welga at protesta. Sa dyaryo nito, ibinrodkas nang mas sistematiko ng *Bukluran* ang layunin at paninindigan ng tunay na unyonismo. Anito:

> *Para mabago ang abang kalagayan, kailangan ng mga manggagawa na magbuo ng tunay at palabang unyon at umasa sa kanilang sama-samang pagkilos. Kailangan ding bumuo ng isang malawak na alyansa ng mga manggagawa para siyang magharap sa gobyerno ng mga kahilingan nila. Kailangang makipagkaisa ang mga manggagawa sa ibang sektor para makabuo ng isang malaya, demokratiko at masaganang Pilipinas.*[10]

Sa paninindigang ito binigyang hugis at direksyon ng *Bukluran* ang ispontanyong protesta ng manggagawa nang panahong ito.

### *Mula pangkabuhayan tungo sa pampulitikang kahilingan*

Mga kahilingang pampabrika at pangkabuhayan ang isyung ipinaglaban ng mga manggagawa noong Oktubre 1975-Pebrero 1976. Sa ilalim ng batas militar, gayunman, agad napaharap ang mga manggagawa sa kapangyarihan ng estado. Usapin lamang ng pangkalahatang pulong (Gelmart), pagtatrabaho (batilyo), *certification election*

(Gelmart at AG&P) at pagreregular sa kaswal (La Tondeña), militar agad at iba pang instrumentalidad ng estado ang kadyat na nakaenkwentro ng mga manggagawa.

Sa batas militar, ultimong pinakamaliit na kahilingan at okasyon ng pagkilos ng manggagawa ay nagkaroon agad ng kulay pulitika – ang pulitika ng pakikibakang anti-diktadura. Kaya pangkabuhayan man ang kahilingan, bawat protesta ng manggagawa ay protesta laban sa diktadura.

Nang ipataw ng rehimen ang PD 823, lumitaw ang okasyon para magbuklod ang iba't ibang sektor sa usapin ng demokratikong karapatan. Sa pagbubuklod, napaluwag nila ang kalagayan para sa pagsulong ng kani-kanilang pakikibaka. Bawat pagsulong ng kanilang pakikibaka ay ambag naman sa kabuuang paglaban sa mga imposisyon ng batas militar.

Malawakang pagsupil ang tugon ng rehimen noong Enero 1976 sa mga hayag at lihim na puwersang nagprotesta. Tinakot at ikinulong ng militar ang nagprotestang manggagawa sa ilang pabrika. Idineklara na subersibong organisasyon ang *Bukluran*. Ikinulong ang mga lider maralita ng Tondo at Boulevard. Ilang lider estudyante ng UP ang dinakip. Pinatapon pa ang dalawang paring dayuhang tumulong sa mga komunidad ng maralita.

Ilang personahe ng *underground* ang nadakip, kabilang ang mga lider ng Distrito Uno na sumasakop sa Tondo, La Tondeña at University Belt. Biktima *ng salvage* sina Hermon Lagman at Victor Reyes, abogado at organisador ng CLC. Masaklaw ang ginawang kontra-atake ng rehimen – nahagip kapwa ang legal at *underground* na puwersang antidiktadura.

Bagaman umurong at nag-*underground*, nagpatuloy sa pag-oorganisa ang *Bukluran*. Naglabas ito ng mga pahayag at sumuporta sa mga welga. Inorganisa nito ang pagdiriwang ng Mayo 1, 1976.

Ganoon kalakas ang pagsupil ng gobyerno para mapaurong ang *Bukluran* at ibang organisasyong masa. Ngunit hindi ito sapat para pigilan ang pag-agos ng kilusang protesta sa Kamaynilaan.

*Pagbulwak ng protesta: ispontayo at organisado*

Sa kabuuan, ispontanyo ang mga welga at protesta ng Oktubre 1975-Pebrero 1976. Karamihan ay inilunsad nang walang ayuda ng ibang organisasyon o puwersa. Mayroon man, karaniwang mula sa mga nagprotesta mismo ang inisyatibo ng pag-ugnay.

Sa kabilang banda, planado at organisado rin ang pagbulwak ng protesta. May mga sentro ng inisyatiba na tumulong sa pag-oorganisa at paglulunsad ng mga tampok na welga at protesta. Nagpalaganap ito ng mga pagsusuri, panawagan, anyo at pamamaraan ng pakikibaka. Sa pamamagitan nito natipon ang lakas at puwersa ng mamamayang nakibaka. Ito rin ang nagtawid ng mga karanasan at aral sa ibang yugto ng pakikibaka sa mga dumaang panahon. Kaya ispontanyo man ang kabuuan ng pagbulwak ng protesta, nasa ubod nito ang planado at organisadong pagbibigay ng depinidong anyo at direksyon ng mga sentro ng inisyatiba.

Hinggil sa pagkakaorganisang ito, ilang bagay ang mababanggit:

1. May mga binuong hayag na sentro ng pagkilos kung saan natipon ang mga puwersang nakibaka. Kabilang dito ang *Bukluran*, *CLC*, mga organisasyong masa at mga yunit at grupong *adboc*.

2. May mga lihim na sentro ng inisyatiba na nag-ugnay sa mga organisadong puwersa sa iba't ibang sektor sa mga teritoryo o larangang saklaw nila. Kasama dito ang *SGTU*, ang mga distrito at iba pang lihim na yunit o komite ng *KPD* at ng ibang puwersang antidiktadura.

3. Pinatagos ang pamumuno ng organisadong puwersa sa nakibakang taumbayan sa pamamagitan ng napapanahong pagsusuri at panawagan, at ng pagpapatampok ng mga welga at protestang inorganisa at inilunsad para isulong ang pakikibaka.

4. Epektibong ginamit ang mga pasilidad at porum sa pagpapalaganap ng mga pagsusuri, panawagan at ideya. Kabilang dito ang pasilidad ng simbahan at simpatisador, maliitang pulong hanggang sa malakihang simposya at kilos-protesta, at iba't ibang anyo ng nakasulat at di-nakasulat na propaganda.

5. Maingat na inihanda at sinubok ang iba't ibang paraan para matagumpay na mailunsad ang mga tampok na kilos-protesta. Sa kampanyang kontra PD 823, halimbawa, kabilang dito ang mga sumusunod:

a. Pagkuha ng suporta ng mga prominenteng personahe at organisasyon at pagpapatampok sa paninindigan nila sa usapin;

b. Paglulunsad ng maraming pulong, simposya at ibang pagtitipon para mapaliwanagan ang mga tao nang makuha ang kanilang aktibong suporta sa kampanya;

k. Paggamit ng mga anyo ng protesta na di mag-aanyaya ng kadyat na pagsupil. Paggamit ng simbolong likas sa mga anyong ito para maihatid ang mensahe ng protesta. Halimbawa ang misa at prusisyon, kaakibat ang mga ritwal at simbolong likas sa mga ito. Pinagsilbi ang mga ito na panantya kung hanggang saan madadala ang protesta nang hindi nababanat ang puwersa at hindi bumibira ang rehimen.

d. Pagtiyempo ng protesta sa mga okasyong natural ang pagtitipon at di basta-basta makakabira ang diktadura. Misa at prusisyon ang protestang Nobyembre 23 na itinapat sa pista ng Kristong Hari. Misa at prusisyon din ang protestang Disyembre 6 na itinapat sa pagbisita ni Presidente Ford.

e. Paggamit ng ibang sektor sa okasyon para isulong ang sariling pakikibaka at samantalahin ang "kaluwagang" hatid ng pangkalahatang protesta. Sumabay ng martsa at protesta ang mga maralita sa kampanya. Sinamantala ng mga estudyante ang mga simposya sa PD 823 para isulong ang sarili nilang kahilingan at pakikibaka.

Bunga ng ganitong pagkaorganisa ng pagbulwak ng protesta, higit na napatampok ang mga tagumpay at aral, nabigyan ng hugis at anyo ang mga ito, at nasalo at naani ang mga bagong puwersa na pinalitaw ng protesta. Lahat ng mga ito ay positibong salik sa pag-agos ng protesta at kilusang masa sa Kamaynilaan sa sumunod na buwan at taon.

Sa panahong ito nagkaroon ng pagbabago sa kalagayang pampulitika: nabawi ng mga mamamayan ang mga militanteng anyo ng malawakang pagkilos at umagos ang mga protesta ng mga sumunod na taon.

*Pag-agos ng protesta, 1976-1980*

Napigil ng rehimen ang maagang pagtindi ng protesta noong Enero 1976. Ngunit di nito napigil ang tuluyang pag-agos ng kilusang masa mula 1976 hanggang 1980. Tampok sa pag-agos na ito ang pagputok ng maraming welga kabilang ang pakikibaka sa Solid Mills, Mead Johnson, at EEI; ang pagkabuo ng *Kapatirang Anak-Pawis* bilang hayag na sentro ng militanteng unyonismo kapalit ng *Bukluran*; at ang malawakang paglahok ng mga manggagawa sa mga aksyong pampulitika. Sa panahong ito lumalawak ang mulat na pagsisikap ng KPD na bigyang direksyon ang pag-unlad ng mga protesta at ng militanteng kilusang manggagawa.


ANAK PAWIS

## *Solid Mills*[11]

Nagwelga ang mga taga-Solid Mills noong Mayo 1976. Ayon sa kanila, dumanas ng kabiguan ang welgang ito. Pinatalsik ang may 100 trabahador. Pitong lider ang limang buwang nabilanggo, kabilang ang presidente ng unyon na si Alex Boncayao. Nabimbin pa ang pakikipagnegosasyon ng unyon.

Ngunit hindi nawalan ng loob ang mga taga-Solid Mills. Iba't ibang anyo ng pagpapatatag ang ginawa ng unyon. Pinatibay ito sa pagbubuo ng mga komite sa mga seksyon at departamento. Nagbuo rin ng mga grupong ubod sa mga komunidad ng manggagawa. Nagsagawa ng mga pag-aaral at paliwanagan ang unyon. Naglunsad ito ng sama-samang pagkilos bilang suporta sa kanilang mga kahilingan.

Ito ang nagbigay ng tagumpay sa mga taga-Solid Mills sa welga nila noong Hulyo 1977. Dalawang aral ang inialay nila sa mga manggagawa: mapangahas na igiit ang mga kahilingan para magtagumpay at pagsanibin sa pakikibaka ang mga pagkilos na legal at ekstralegal. Nangangahulugan ito ng "legal na pagdudulog ng mga kaso sa Labor" at ng mga "delegasyon at walang humpay na pagkilos sa loob

ng pabrika." Sa madaling salita, hindi dapat magpatali sa legal na pagkilos lamang.

Nakita rin ng mga taga-Solid Mills ang pangangailangang magkaisa ng buong uring manggagawa:

> *Anumang pagawaan ang ating pinagtatrabahuhan ay pare-parebo tayong manggagawa... iisang uri tayo. Dapat nating tingnan na ang isang welga ay WELGA nating lahat. ... Ganito ang diwa ng pagkakaisa natin bilang isang uri.*[12]

Sa ganitong pananaw, naging balwarte ng tunay at militanteng unyonismo ang Solid Mills sa panahon ng batas militar. Sa ganitong paninindigan inialay ng mga taga-Solid Mills ang mahuhusay nitong lider at organisador, kabilang si Alex Boncayao, sa pakikibakang antidiktadura.

### *Mead Johnson*[13]

Tumampok ang welga sa Mead Johnson sa mahigit 20 welgang pumutok noong Hunyo 1976. Maraming dahilan ang pagtampok na ito: unang welga ito na idineklarang ilegal ng NLRC; hayagan nitong hinamon ang mekanismo sa relasyong industriyal na inilatag ng rehimen; simula ito ng pagtatangka sa koordinadong welga sa isang purok-industriyal; muli nitong ginamit ang anyo ng kilos-protesta na di pa ginamit sa ilalim ng batas militar – ang boykot ng mga produkto ng kumpanya; at una itong panawagan ng mga manggagawa sa mga Pilipino sa ilalim ng batas militar na labanan ang isang higanteng korporasyong transnasyonal ng Estados Unidos.

Hindi naiba ang welgang ito sa ibang welga: kadyat na panghihimasok ng militar sa pampabrikang gusot; maramihang paghakot at pagkukulong ng welgista; maramihang pagpataw ng *preventive suspension* sa manggagawa; pakyawang pagpapatalsik sa mga trabahador; pagtatangka na wasakin ang unyon; walang humpay na pagpupursigi ng manggagawa na panatiliin ang puwersa, lampasan ang kahirapang dulot ng atake ng katunggali, at ipagpatuloy at ipagtagumpay ang laban para sa kahilingan at karapatan.

Hunyo 1976 nang magwelga ang Mead Johnson. Ipinahayag ng unyon ang kapasyahang magwelga kaysa dumaan sa mekanismong batid nilang "hahantong lamang sa kabiguan ng aming makatarungang ipinaglalaban." Nang ideklara ng NLRC na ilegal ang welga at iatas ang pagpapatalsik ng mga welgista, agad itong ipinatupad. Ang totoo, bago pa ang desisyon ay sinuspindi na ng kumpanya ang mga empleyado.

Ipinagpatuloy ng mga empleyado ang pagkilos para mabalik sa trabaho ang mga pinatalsik at makamit ang mga kahilingan. Nanawagan sila sa mga konsumer na iboykot ang mga produkto ng kumpanya.

Bagaman iniulat ang magandang panimulang pagtugon sa panawagan, sumagitsit lamang ang boykot at nawala na. Sa kabila nito, mahalaga ang panawagan para sa kilusang manggagawa. Ito ang unang pagkakataon sa panahon ng batas militar na muling tinanganan ang ganitong anyo ng protesta – at laban pa sa isang korporasyong transnasyonal.

Mahalaga rin ang welga sa Mead Johnson sa isa pang dahilan. Ito ang unang pagtatangka na maglunsad ng koordinadong welga sa isang pook-industriyal, mas maaga sa matagumpay na koordinadong welga sa Bataan Export Processing Zone (BEPZ) noong 1981. Handa nang sumunod sa Mead Johnson ang ibang pagawaan sa Pasong Tamo, Makati kung saan nakaipon ang mga pagawaan ng gamot. Bunga ng madaling pagsupil sa welga, walang ibang pumutok na welga sa erya. Pumutok ang ilan isang taon makaraan – noong 1977.

Ang pagkabigo sa Mead Johnson ay nagdulot ng maraming leksyon at tagumpay sa kilusang manggagawa. Kabilang dito ang pagpapatampok sa boykot bilang sandata laban sa mga korporasyong transnasyonal. Mas nakapaghanda rin ang ibang pabrika sa Pasong Tamo para ipagtagumpay ang welga at protesta nila nang sumunod na taon.

Maging sa Mead Johnson, hindi lubusan ang pagkabigo. Nakuha ang kahilingan sa *emergency allowance*. Higit na mahalaga, hindi tuluyang nawasak ang unyon kahit nahagip ng pagpapatalsik ang ubod ng mga militanteng unyonista. Tumulong ang mga napatalsik sa pagbubuo ng bagong

pamunuan. Ilan sa kanila ang naging buong-panahong organisador sa erya. Nakatulong sila sa muling pagtatatag ng Interdrug, isang alyansa sa industriya ng gamot, na pinagmulan ng Drug and Food Alliance (DFA).

### *Mga demonstrasyon ng Oktubre 1976*

Inilunsad ang mga kilos-protesta ng Oktubre 1976 kasabay ng reperendum ng Oktubre 16 kaya may "pagluluwag" para sa "malayang talakayan". Naganap din ito sa oras ng kumperensya ng IMF sa Maynila, kung kaya higit ding "nagluwag" ang rehimen para makita ng buong mundo ang "martial law, Philippine-style". "Pagluluwag" itong sinamantala ng puwersang antidiktadura para itutok ang mga kilos-protesta sa mismong diktadura.

Tatlong malalaking kilos-protesta ang idinaos sa iba't ibang lugar sa Kamaynilaan. Ang una ay noong Oktubre 3 sa St. Paul College, Maynila; ang ikalawa ay noong Oktubre 10 sa Plaza Miranda; at ang ikatlo ay sa Simbahang San Marcelino, Maynila noong Oktubre 16 para iboykot ang reperendum at kondenahin ang karahasang dinanas ng mga demonstrador noong Oktubre 10 sa Plaza Miranda.

Kaiba sa mga nakaraang demonstrasyon, hindi na lamang mga sektoral na kahilingan ang isinigaw ng mga demonstrador sa pagkakataong ito. Tuwiran nang hinamon ng mga nagprotesta ang gobyernong batas militar at inilantad ang "tunay na larawan" nito. Isinigaw ng mga kilos-protesta ng Oktubre 1976: "Ibagsak ang batas militar!" "Ipaglaban ang demokrasya!" "Marcos-Hitler-Diktador-Tuta!".

Sa mga militanteng unyonista, ang mga kilos-protesta ng Oktubre 1976 ay bagong pagsulong ng kanilang pakikibaka. Nangahulugan ito ng pagtining ng nabuong pananaw sa gobyerno matapos ang isang taong pakikibaka. Sa usaping pampabrika, buong makinarya ng estado ang nakakaengkwentro ng mga manggagawa. Kaya nga lumitaw na malaking balakid sa kanilang pagsulong ang gobyernong batas militar mismo.

Sa kampanyang Mayo Uno 1977, pinatampok ng KPD ang panawagang "Manindigan bilang isang uri! Ipagtanggol ang kapakanan ng bayan!" upang higit na pagbuklurin ang mga manggagawa. Ideya itong sinikap bigyang katotohanan sa welga ng EEI at sa pagbubuo ng *Kapatiran*.

*Engineering Equipment, Inc. (EEI)*[14]

Walang ipinag-iba ang istorya ng pakikibaka ng mga manggagawa ng EEI sa mga nakaraang pakikibaka. Sa pagkakataong ito, gayunman, nagsilbing panibagong tuntungan para sa bagong pagsulong ng militanteng kilusang manggagawa ang pakikibaka ng EEI. Naging tampok na bahagi ito ng pagpapatimo sa kamalayang manggagawa ng pangangailangang kumilos bilang isang uri at ng pangangailangang pandayin ang pangkalahatang welga bilang sandata sa pakikibaka.

Nagwelga ang mga taga-EEI noong Marso 1977 dahil walang mangyari sa isang taong negosasyon ukol sa pag-aayos ng istruktura ng suweldo na nagulo sa dekreto ni Marcos ukol sa suweldo noong 1976. Sa pagmamatigas at lakas ng *management*, nanawagan ng suporta ang mga taga-EEI sa ibang manggagawa.

Sinalo ng KPD ang panawagan ng mga taga-EEI. Ito man ay nanawagan ng suporta sa pakikibaka. Ayon sa KPD, hindi lamang ito laban ng mga taga-EEI at ng *management* ng kumpanya. Laban ito ng uring manggagawa at ng "sabwatang kapitalista-diktadura". Sa harap ng sabwatang ito ang tanging maihaharap ng uring manggagawa ay ang nagkakaisang lakas – sa anyo ng pangkalahatang welga.

Kung susukatin ang bisa ng panawagan sa aktwal na pangyayari, masasabing hindi ito mabisa. Walang welga ng pakikisimpatiya na naganap; lalong walang pangkalahatang welga na nailunsad.

Kung tutuusin, sa dami ng mga welgista at unyonistang napatalsik sa EEI hindi tagumpay ang welga. Ngunit sa militanteng kilusang manggagawa, ang mga pakikibaka – anuman ang resulta sa mga partikular na pagawaan – ay nagsisilbing hakbang pasulong kung ang ilang aral mula rito ay naisasalin sa kapakinabangan ng buong kilusan.

Sa pakikibaka ng EEI, napatampok ang pangangailangang magkaisa ng mga manggagawa bilang isang uri. Naipalaganap din ang pangangailangang itapat nila ang nagkakaisang lakas sa kanilang makapangyarihan at nagkakaisang katunggali. Napatampok din ang pangangailangang pandayin ang pangkalahatang welga bilang sandata ng uri laban sa "sabwatang

kapitalista-diktadura." Namalas din ang pangangailangan ng ibayong pagpupursigi sa pagbigkis sa mga manggagawa.

*Kampanyang PD 1123*

Noong Agosto-Setyembre 1977, muling nabigyan ng kongkretong ekspresyon ang pagsisikap na pagkaisahin ang mga manggagawa nang magbuklod sila para isakatuparan ang PD 1123, ang dekreto ni Presidente Marcos na nagtatakda ng P60 *emergency allowance* sa lahat ng manggagawa. Sa mga alituntuning nagpapatupad sa dekreto na inilabas ng DOL, pinalabnaw ang sustansya ng dekreto.

Bilang pagtutol sa mga alituntunin, naglunsad ng kilusang petisyon ang Pagkakapatiran upang baguhin ito ng gobyerno. Bukod sa petisyon, inilunsad sa mga pabrika ang iba-ibang anyo ng sama-samang pagkilos – boykot, *slowdown*, delegasyon, welga.

Hindi rin nabago ang mga alituntunin, ngunit sa maraming pagkakataon ay nakuha ng mga manggagawa sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos ang *allowance*. Isa ring mahalagang resulta ng pakikibaka sa implementasyon ng PD 1123 ang pagkabuo ng isang panibagong hayag na sentro ng militanteng unyonismo.

*Kapatiran Anak-Pawis Foundation (Kapatiran)*

Hulyo 1977 nang buuin ng mga kinatawan ng may 50 unyon sa Kamaynilaan ang Kapatiran Anak-Pawis Foundation. Binuo ito bilang tugon sa "hamon ng panahon" – "ang buuin ang malawak at matibay na pagkakaisa ng manggagawang Pilipino."

Sinalamin sa tema ng Kongreso ang katayuan ng kilusang manggagawa at ang pagsisikap ng *Kapatiran* na remedyuhan ito: "Wakasan na ang pagkanya-kanya, magsikap para magkaisa; Ang pag-unlad ng manggagawa ay nasa pagkakaisa ng manggagawa."[15]

Hindi nalalayo sa *Bukluran* ang mga layunin at pamamaraan nito. Nanawagan ito ng pagsusulong ng "kilusan ng pagbabagong kaisipan" sa pamamagitan ng pag-aaral ukol sa tunay na unyonismo; ng "pagsasabuhay

ng diwa ng pagkakapatiran at sistema ng organisadong pagtutulungan" sa pamamagitan ng pagbubuo ng iba't ibang samahan ayon sa kagalingan, kasanayan at hilig ng mga manggagawa; at ng pagpapaunlad sa "pangkabuhayan at pangkalusugang kagalingan" sa pamamagitan ng kampanya sa pagtataas ng sahod at mga benepisyo, paglaban para sa malayang pag-oorganisa at karapatang magwelga, at pag-aalis ng *preventive suspension.*

Sa pahayag ng *Kapatiran* noong Mayo Uno 1979, bago ito halinhan ng isang mas malawak na alyansa, nanawagan ito ng pambansang pagkakaisa tungo sa isang tunay na bagong lipunan. Nanawagan ito ng pagpapalaya ng ekonomiya sa kontrol ng dayuhan, malalaking kapitalistang Pilipino at hacendero at kumprador. Nanawagan ito ng pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Makaraan ang kulang sa dalawang taong pag-iral, hayag na niyakap ng *Kapatiran* ang mga prinsipyo at paninindigang unang ibinandila ng *Bukluran.*

*Kampanyang LABAN ng 1978*

Mula noong 1975, papalaking bilang ng mga manggagawa ang lumalahok sa mga pampulitikang pagkilos sa Kamaynilaan sa anyo ng mga martsa at demonstrasyon, sa tuwirang pag-oorganisa sa hanay ng ibang sektor at sa pagpapaunlad ng kilusang antidiktadura. Bukod sa mga demonstrasyon noong unang bugso at ng Mayo Uno 1976, mga manggagawa ang bumuo sa malaking bulto ng mga demonstrador noong Oktubre 1976, Hunyo 12 at Setyembre 21, 1977.

Isang tuwirang resulta ng ganitong pakikisangkot ang paglahok ng militanteng kilusang manggagawa sa eleksyong 1978. Para sa eleksyong ito binuo ang Kalayaan Labor Coalition para dalhin ang kandidatura ni Alex Boncayao at ng buong tiket ng LABAN. Sa unang pagkakataon sa ilalim ng batas militar, pumaloob sa isang koalisyon ng mga manggagawa ang mga pederasyon. Bukod sa *Kapatiran*, kasama sa koalisyon ang GATCORD, NAFLU, ADLO at NUWHRAIN. Ito ang nanguna sa demonstrasyong manggagawa sa Plaza Sta. Cruz noong Marso 30 na tinatayang nilahukan ng may 40,000 katao.

Sa buong panahon ng 45-araw na kampanya sa pagitan ng Pebrero at Abril 1978, sinamantala ang "kaluwagan" para

hayag at malawakang ipaliwanag sa taumbayan ang mga usaping antidiktadura. Sa mga rali at demonstrasyon, laluna sa *noise barrage* ng Abril 6, maingay na ibinandila ng mga nakikibakang mamamayan ang pagtutol sa batas militar.[16]

Sinamantala rin ng mga manggagawa ang pagkakataon para isulong ang kanilang mga pangkabuhayang kahilingan sa pamamagitan ng isa pang bugso ng mga welga. Naging tanghalan ng kandidatura at antidiktadurang pagbatikos ni Boncayao ang mga *picketline*

Sa pagitan ng Pebrero 22-Abril 5, may kulang-kulang na 17 kumpanya na may 20,000 manggagawa ang nagwelga. Kabilang dito ang limang *5-star hotel* at apat na pagawaan ng tela at damit. Mga usapin sa CBA, *allowance* at pagbabawas ang mga karaniwang isyu ng mga welga.

Totoong pinupog ang rehimen ng marami at malalaking rali, demonstrasyon at welga noong 45-araw na kampanya para sa eleksyong IBP. Ngunit hindi nagtuloy-tuloy ang mga malawakang protesta noong huling dalawang taon ng dekada 1970. Isang mahalagang dahilan ang problema sa pamumuno sa kilusang masa at protesta. Dumaan sa panloob na problema matapos ang eleksyon ang CPP at PDSP, samantalang wala sa posisyon ang mga tradisyonal na pulitikong anti-Marcos para pangunahan ang kilusang masa at protesta.

Sa kabila nito, nagpatuloy ang mga sektoral na pagkilos sa mga taong 1978 at 1979. Naglunsad ang NUWHRAIN ng saklaw-industriyang kampanya noong 1978 para ibalik ang karapatang magwelga at ang service charge sa industriya. Naging manipestasyon ng kampanyang ito ang sunod-sunod na welga at protesta sa mga bagong *5-star hotel*.[17]

Bukod sa mga nagaganap sa Kamaynilaan, nagsimula nang tumampok ang mga welga at kilos-protesta ng mga manggagawa sa ibang panig ng bansa. Kabilang dito ang pakikibaka ng mga residente ng Samal, Bataan at ng mga manggagawa ng Bataan Pulp and Paper Mills sa polusyong ibinubuga ng operasyon ng kumpanya; ang unang welga sa BEPZ na inilunsad ng mga trabahador ng Ford Ensite noong Marso 1979; ang paglaban ng mga minero ng Benguet Consolidated sa Montañosa para sa mahusay na kalagayan sa trabaho at pag-uunyon; at ang patuloy na pagsusulong ng NFSW sa

mga kahilingan at karapatan ng mga *sakada* at ***dumaan*** ng Negros. Bagaman di pa tumatampok, nagsimula na rin ang pag-oorganisa ng mga militanteng unyon at samahang manggagawa sa Mindanao.

Nagbigay-daan ang eleksyong 1978 sa paglitaw ng isang mas malawak at mas organisadong alyansang manggagawa. Sa unang pagkakataon, napaloob sa isang buhaghag na koalisyon noong eleksyon ang mga militanteng unyonista ng *Bukluran*, *Kapatiran* at ng mga pambansang pederasyon. Humigpit ang ugnayang ito nang buuin noong Pebrero 1980 ang Samahan ng mga Manggagawang Konsumer (SAMAKO). Sa mga pulong pagbubuo nito, nagkahugis ang pagbubuo ng isang pambansang alyansang manggagawa – ang KMU.

*Pagragasa ng protesta, 1980-1982*

Sa pagpasok ng dekada 1980, lalong tumindi ang krisis pangkabuhayan, higit na lumakas ang kilusang protesta at kilusang antidiktadura, lumawak at lumakas din ang armadong pakikibaka sa kanayunan, at lalong humina ang kakayahan ng rehimen na todo-todong gamitin ang kapangyarihan nito laban sa nakikibakang mamamayan. Bunga ng lumalalang krisis pangkabuhayan at ng "lumuluwag" na larangan ng pakikibaka, dumami ang mga oportunidad sa pagsulong ng kilusan.

Apat na mahalagang pag-unlad ang naganap sa militanteng unyonismo bago at pagkatapos ng pormal na pag-aalis ng batas militar noong 1981. Una ang pagkakatatag ng mas masaklaw na sentro nito – ang Kilusang Mayo Uno (KMU). Ikalawa ang pagtindi ng mga pakikibakang manggagawa na ipinamalas ng bugso ng mga welga noong 1981 at 1982. Ikatlo ang paglaganap ng kilos-protesta ng mga manggagawa sa pambansang saklaw at paglakas ng ugnayan at koordinasyon ng mga ito. At ikaapat ang lumaking ambag ng militanteng kilusang manggagawa sa pakikibakang antidiktadura.

Hindi huminto rito ang pag-unlad ng militanteng unyonismo noong dekada 1980. Ibayong pag-unlad pa ang naganap ng sumunod na taon: paglitaw ng koordinadong welga at welgang bayan bilang mga relatibong bagong anyo ng aksyong-masa; pagbubuo ng mga panteritoryo at pang-industriyang alyansang manggagawa na nagpalakas ng ugnayan at koordinasyon ng

mga kilos-protesta sa pambansang saklaw; at pag-ibayo ng partisipasyon ng mga organisadong manggagawa sa mga pampulitika at panlipunang usapin ng bansa. Mamamalas sa unang tatlong taon ng dekada 1980 ang pagsisimula ng mga pag-unlad na ito na yumabong hanggang 1987.

*Kilusang Mayo Uno: Oryentasyon, layunin, pamamaraan*

Tuwirang produkto ng mga gawaing manggagawa noong 1972 hanggang 1980 ang KMU. Ang mga prinsipyo, layunin at pamamaraan nito ay siya ring mga prinsipyo, layunin at pamamaraang nagpalitaw, kinarga at pinaunlad ng ***Bukluran***, ***Kapatiran*** at iba pang militanteng samahang manggagawa. Ang mga lider at organisador nito ay siya ring mga lider at organisador na nagpaunlad sa, o produkto ng, militanteng unyonismo mula 1972.

Una itong inilantad sa publiko noong Mayo 1, 1980 sa Araneta Coliseum sa pagtitipon na dinaluhan ng 10 pederasyon, mahigit 80 unyon at 25-30,000 katao. Tinukoy ng KMU ang "monopolyong kontrol ng dayuhan" bilang ugat ng mga pangkabuhayan at pampulitikang problema ng mga manggagawa at ng bansa. Di nito tuwirang tinukoy ang rehimen bilang sanhi ng mga problema gayong mga patakaran nito ang binatikos sa pagtitipon.[18]

Pormal na binuo ang KMU noong Hulyo 1980 sa unang kongreso nito na dinaluhan ng limang pederasyon – NAFLU, NFL, PANALO, NUWHRAIN at GATCORD. Kasama sa pagbubuo ang ADLO bilang *adhoc member* habang nasa proseso ito ng muling pagpapasigla. Kasama rin sa pagtatatag ang NFSW ngunit di nakapasok sa pulungan ang kinatawan dahil sa inaakalang suliranin sa seguridad.[19]

Ipinahayag ang mga batayan ng pagkakaisa ng alyansa sa konstitusyon nito. Idiniin nito ang mapagpasyang papel ng manggagawa sa lipunan, papel na lubusan nitong magagampanan sa pagtatamasa ng kalayaan. Ibinandila rin dito ang mga makabayan at demokratikong adhikain ng KMU – ang pantay-pantay na pakinabang ng mga manggagawa at mamamayang Pilipino sa likas na yaman ng bansa at sa produkto ng kanilang pagpapawis. Kinondena rin ang anumang uri ng pagsasamantala. Sa kanyang layunin, niyakap ng KMU

bilang tungkulin ang pagtataguyod at pagpapalaganap ng tunay, demokratiko at makabayang unyonismo.[20]

Ano ang papel ng "tunay, palaban, demokratiko, at makabayang unyonismo" sa kilusan para sa pambansang pagpapalaya? Ayon sa KMU, may tatlong magkakaugnay na papel ang tunay na unyonismo: pinauunlad nito ang makauring kamalayan ng mga manggagawa upang maging epektibo ang kanilang paglaban; ipinagtatanggol nito ang kapakanan ng mga manggagawa upang mapahusay ang kanilang katayuan sa pang-araw-araw na buhay; at inihahanda nito ang mga manggagawa para sa pagbabago ng lipunan.

Bukod sa pagsusulong ng pangkabuhayang kapakanan ng mga manggagawa, itinaguyod ng KMU ang mas malawak na layuning panlipunan at pampulitika. Sa ganitong paraan naging isang balwarte ng pakikipaglaban sa diktadura ang KMU, bukod sa pagiging punong himpilan ng pakikibakang pangkabuhayan ng mga manggagawa.

### *Mga protestang manggagawa sa unang tatlong taon ng dekada 1980*

Sa unang tatlong taon ng dekada 1980, naging abala ang KMU sa pamumuno sa protestang manggagawa, sa pagtutol sa mga bagong reglamento sa paggawa bunga ng "normalisasyon", paglaban sa tumitinding panunupil laluna sa *picketline*, at sa pakikisangkot sa pakikibaka ng mamamayan laban sa rehimen.

May tatlong layunin ang mga welga at protesta noong unang tatlong taon ng dekada 1980: ipagtanggol at isulong ang pangkabuhayang katayuan ng mga manggagawa sa harap ng tumitinding krisis at panunupil; tutulan at labanan ang mga bagong reglamento sa relasyong industriyal na patuloy na sumisikil sa mga karapatang manggagawa; at patuloy na paluwagin ang larangan para sa mga protestang manggagawa at masa.

Sa mga taong 1980, 1981, at 1982, umabot sa 62, 260 at 158 ang mga welgang pumutok. Bukod sa krisis pangkabuhayan, malaki ang kinalaman ng anunsyo ng "pag-aalis" ng rehimen sa batas militar noong huling buwan ng 1980 at ang pormal nitong pag-aalis noong unang buwan

ng 1981 sa pagputok ng maraming welga. Laging sinasamantala ng mga manggagawa anumang "pagluluwag" para iwelga ang kanilang kahilingan. Kung minsan hindi mahalaga kung may pagluluwag nga; kaunti mang pahiwatig nito ay sapat para magprotesta ang mga manggagawa.

Inakalang ang pag-aalis ng batas militar ay nangahulugan ng pagbabalik ng karapatan ng mamamayan, kabilang ang welga. Nagsimula ang bugso ng mga welga noong Disyembre 1980. Nagpatuloy ito sa buong taon ng 1981. Naganap ito sa kabila ng pahayag ni Presidente Marcos sa mga negosyante na patuloy na ipagbabawal ang welga kahit alisin ang batas militar.

Bawal man o hindi, pumutok ang mga welga "pag-alis" ng batas militar. Nagwelga rin ang mga korporasyong gobyerno kabilang ang National Power Corporation (NAPOCOR) at Manila International Airport (MIA). Ayon sa MOLE, mahigit 20 bawat buwan ang mga welgang pumutok sa unang anim na buwan ng "pag-aalis" ng batas militar (Pebrero-19, Marso-33, Abril-31, Mayo-36, Hunyo-21 at Hulyo-29).[21]

Hayagang nilabanan ng mga manggagawa ang "patakarang walang welga" ng rehimen. Sa mga welga, halimbawa, ng Novelty Philippines noong Pebrero at Marso 1981, nilabag ng mga welgista ang mga kondisyon ng PD 849 para makapagwelga: vital industry ang Novelty; grupong minoridad ang nagwelga; walang abiso ang welga; at, ginawa ang welga kahit may umiiral na CBA.

Lahat ito ay batayan para ideklarang ilegal ang welga. Ngunit walang ibang magagawa ang mga manggagawa kundi labagin ang batas. Hindi na ito makatarungan, hindi pa nito ibinibigay ang mga benepisyo at kahilingang ang iba ay itinakda na ng batas o ng CBA.

Ayon sa Institute of Labor and Manpower Studies (ILMS), instituto ng pananaliksik ng MOLE, mas marami pang nakuhang benepisyo ang mga welgang walang abiso kaysa sa mga may abiso. Mas maigsi rin ang panahong nagugol sa pagpanalo ng mga kahilingan. Ito ay mga katotohanang natutunan ng mga manggagawa sa karanasan.[22]

Labis na nabahala ang gobyerno at ang mga negosyante sa buhos ng mga welga "pagkaalis" ng batas militar. Sa

Tripartite Conference ng Marso 1981 binalangkas ang panukalang batas para "ibalik" ang welga at ilatag ang mga bagong reglamento sa relasyong industriyal – ito ang Batas Pambansa 130 na inaprubahan noong Agosto 21, 1981.

Bagaman ibinabandila ng BP 130 ang pagbabalik ng welga, ipinagbawal pa rin ito sa maraming industriya na mahalaga sa "pambansang interes". Napakaraming kondisyon ang inilatag bago makapagwelga. Sakaling magwelga na, puwede itong patigilin agad ng Presidente o ng MOLE na magsasampa sa sigalot sa sapilitang arbitrasyon. Kontra sa welga ang BP 130, ayon sa mga lider-obrero.

Nang isabatas ang BP 130, welga mismo ang isinagot ng mga manggagawa. Anim na araw matapos maging batas ang BP 130, nagwelga ang Dynetics, Inc., kumpanya ng *semiconductor* sa Taguig, Rizal. Isang *vital industry* na bawal ang welga ang industriya ng *semiconductor*. Nagwelga ang mga trabahante matapos mag-abiso ng isang araw, labag sa 15 araw na itinakda ng BP 130. Ilan pang welgang humamon sa bagong batas ang inilunsad: Paratex, Anson's, Redson's at Paramount Vinyl. Naipagtagumpay ng marami sa mga ito ang kanilang mga kahilingan.

Isa pang batas—ang BP 227— ang inaprubahan noong Hunyo 1, 1982. Tinagurian itong "Anti-Scab and Picketing Law", ngunit sa mga lider-obrero hindi na ito kontra eskirol, kontra piket pa.

Unang-unang nagbalewala sa BP 130 at BP 227 matapos aprubahan itong huli ang mga manggagawa ng BEPZ, ang pinakaprotektadong sonang pang-industriya ng rehimen para sa mga korporasyong transnasyonal. Kanilang inilunsad ang matagal nang pinaghahandaan ng militanteng unyonismo: ang pangkalahatan o koordinadong welga.

Naganap ang saklaw sonang welga sa BEPZ noong Hunyo 1982 bunga ng marahas na pagsupil sa welga ng Inter-Asia Container. May 5,000 nakikisimpatiyang trabahante ng BEPZ ang nagwelga at humingi ng katarungan para sa mga welgista ng Inter-Asia. Walang nagawa ang mga awtoridad ng BEPZ kundi makipag-areglo. Mula sa koordinadong welgang ito lumitaw ang militanteng alyansang manggagawa bilang isang relatibong bagong anyo ng organisasyong panteritoryo ng mga manggagawa.[23]

Sa Kamaynilaan hinamon ng welga ng Cosmos Bottling Co. ang bagong batas BP 227. Noong Hunyo 1982, piniket ng mga trabahador ng Cosmos ang 15 bodega at 5 planta ng kumpanya sa Laguna, Pampanga, Malabon at Valenzuela. Piket ito na pumaralisa sa produksyon. Nakipag-areglo ang *management* pagkatapos at pumirma sa isang bagong CBA.[24]

Sa nalabing apat na buwan ng 1981 makaraang isabatas ang BP 130, may 56 na welga ang pumutok. Mula naman nang isabatas ang BP 227 hanggang Disyembre 1982, 80 welga ang inilunsad ng mga manggagawa.

Sa *picketline* naganap ang mahigpit na labanan sa pagitan ng mga manggagawa at *management.* Bunga ng kagustuhan ng *management* na magpatuloy ang trabaho sa kabila ng welga, dumalas ang karahasan sa *picketline* laluna't nagamit ang mga probisyon ng BP 130 at BP 227 para supilin ang welga.

Kadalasang nagaganap ang karahasan oras na magpumilit ang *management* na tawirin ang *picketline* para ipasok ang mga eskirol at mga materyal o para ilabas ang mga makinarya, materyal o yaring produkto. Pinipigilan ito ng mga manggagawa para maparalisa nga ang produksyon. Sa bisa ng mga atas ng hukuman, inayudahan ng mga pulis at Metrocom ang *management* para patigilin ang welga o para makapaglabas-masok sa pabrika.

Ang mga karahasan sa *picketline* ay umabot sa pagkawasak ng piket at sa pagkamatay ng ilang manggagawa at opisyales ng unyon, gaya nang naganap sa Metallide Industries, Solid Mills at Polyamide Industries. Noong Marso 1982 binatikos ng may 37 lider-obrero ang mga karahasan sa *picketline* . Bukod sa mga pagpatay, tinutulan nila ang marahas na pagwasak ng mga alagad ng batas sa *picketline.*

Isang mahalagang pag-unlad sa mga welga ng 1980-1982 ang dumadalas na kooperasyon at koordinadong pagkilos ng mga manggagawa at empleyado sa pabrikang may hiwa-hiwalay na planta, sa mga kumpanyang pag-aari ng isang negosyante, sa isang industriyang ang mga unyon ay nasa isang pederasyon o asosasyon.

Noong 1976 sabay-sabay na nagwelga ang mga manggagawa ng AG & P sa tatlong planta nito. Inulit nila ito noong Mayo 1981 nang sabay-sabay silang magwelga sa anim na planta

ng kumpanya. Sabay-sabay ding nag-aklas ang mga empleyado ng mga kumpanyang ari ni John Gokongwei noong 1981 – Manila Midtown Ramada, Commonwealth Foods, Jack and Jill at Robina Dressing Plant.

Samantala ang mga empleyado sa bangko sa ilalim ng National Union of Bank Employees (NUBE) ay nagbanta ring magwelga nang sabay-sabay. Walong samahan ng mga empleyado ng gobyerno, kabilang ang Philippine Government Employees Association (PGEA), Philippine Nurses Association (PNA) at Philippine Public School Teachers Association (PPSTA), ang sama-samang nagharap ng 10-puntong kahilingan sa gobyerno noong Mayo 1981.

Ang mga karanasang ito sa simula ng koordinadong protesta ang siyang nagluwal sa pangkalahatan o koordinadong welga noong Hunyo 1981 sa mismong kuta ng mga korporasyong transnasyonal – sa BEPZ.

*Pagpapatatag at pakikisangkot sa pulitika*

Inasikaso rin ng KMU ang pagpapatatag ng puwersa ng militanteng unyonismo at ang aktibong pakikisangkot sa mga usaping pampulitika.

Noong Marso 1981 pormal na binuo ng KMU, TUPAS at ilan pang pederasyon ang *Pagkakaisa ng Manggagawang Pilipino (PMP).* Inilaban ng alyansa sa mga kilos-protesta ang mga pangkabuhayan at pampulitikang kahilingan ng mga manggagawa, kabilang ang pagbabalik ng welga, pagpapalaya sa mga detenido at paglalansag sa mga base militar ng Estados Unidos.

Noong Hunyo 1982 binuo naman ang *'National Coalition for the Protection of Workers' Rights (NCPWR)* bilang tugon sa pagsupil sa mga manggagawa unyonista. Pinangunahan ito kapwa nina Sen. Lorenzo Tañada at Felixberto Olalia, Sr. Binubuo ito ng mga manggagawa at mga taga-suportang mula sa gitnang puwersa.

Naglunsad ang KMU ng dalawang espesyal na kongreso noong Setyembre 1981 at Disyembre 1982 upang konsolidahin ang mga tagumpay at pagkaisahin ang hanay nito sa harap ng mga panunupil ng rehimen.

Bukod sa pagpapatatag sa pambansang antas, nagpatatag din at nagpalawak sa batayang antas ang militanteng unyonismo. Binuo ang mga konsehong pang-erya ng KMU sa Kamaynilaan at ang mga panrehiyong konseho sa buong kapuluan. Iniluwal ng welga ng BEPZ *Alyansa ng Manggagawa sa Bataan-Bataan Labor Alliance (AMBA-BALA)*, isang panteritoryong alyansa na pormal na binuo noong Abril 1983. Bandang 1983 at 1984, pinalaganap ang anyong ito ng panteritoryong organisasyon sa Kamaynilaan at sa buong kapuluan.

Habang isinasagawa ang pagpapatatag, pinamunuan ng KMU ang pampulitikang pakikibaka ng mga manggagawa. Sa usapin ng pampulitikang pakikisangkot, pinangunahan ng KMU ang paglalantad sa "huwad na pag-aalis" ng batas militar at planong "normalisasyon" ng rehimen noong Enero 1981. Sa pamamagitan ng People's Opposition to the Plebiscite and Election (PEOPLE) at ng People's Movement for Independence, Nationalism and Democracy (PEOPLE'S MIND), lumahok ang KMU sa boykot ng plebesito at eleksyong pampanguluhan noong Abril at Hunyo 1981.

Higit na tumindi ang impak ng mga protestang manggagawa sa kalagayang pampulitika noong dekada 1980 nang masimulang mailunsad ang mga koordinadong welga sa mga teritoryo gaya ng BEPZ at sa pambansang saklaw sa pamamagitan ng KMU. Tuwiran nitong inatake hindi lamang ang pampulitikang awtoridad ng rehimen kundi pati na ang pang-ekonomiyang pundasyon at programa nito. Dumating nga ang panahon na napaunlad pa ang isang anyo ng protesta ng mamamayan kung saan nasa pinakaubod ang pangkalahatang welga ng mga manggagawa. Ito ang welgang bayan na sinimulang patampukin noong 1984.

Dito makikita at masusukat ang impak o kontribusyon ng militanteng kilusang manggagawa sa pakikibaka para sa demokrasya at panlipunang pagbabago sa panahon ng diktadura. Sa hanay ng mga manggagawa, pinakawalan, inorganisa, kinonsolida at binigyang-direksyon nito ang mga inisyatiba at pagkilos ng mga manggagawa hindi lamang para sa sariling kagalingan kundi para rin sa kagalingan ng buong bayan.

Sa labas ng kilusan, tumulong ito sa pagbabago ng kalagayan pabor sa mga puwersa ng demokrasya sa

pamamagitan ng mga protestang inilunsad nito, sa pagpapaunlad ng iba-ibang anyo na pagkilos kontra sa rehimen, sa pagbibigay ng suporta at tulong sa pakikibaka ng ibang sektor, at sa pagpapaunlad sa mga pakikibakang multisektoral laban sa rehimen.

Bunga ng militanteng pangunguna ng KMU sa pakikibakang manggagawa, dalawang beses itong inatake ng rehimen. Isa noong Setyembre 1980 bago "alisin" ang batas militar at isa pa noong Agosto-Setyembre 1982 bago bumisita si Presidente Marcos sa Estados Unidos.

Naganap ang unang atake nang halos dalawang buwan pa lamang umiiral ang KMU. Noong Agosto 1980, gumawa ng *raid* ang militar ang opisina ng miyembrong pederasyon ng KMU sa hinalang KMU ang promotor ng pinaplanong aklasang bayan noon. Hinuli at ikinulong ang mga lider ng KMU kabilang ang pangkalahatang kalihim at ilang miyembro ng pambansang konseho.

Noong Agosto-Setyembre 1982, inatake muli ng rehimen ang KMU. Pinalabas nito na isang marahas na kaguluhan ang ilulunsad ng KMU, PMP at NCPWR sa ika-10 anibersaryo ng batas militar sa oras na nasa Estados Unidos pa man din si Presidente Marcos. Hinuli at ikinulong sina Felixberto Olalia, tagapangulo ng KMU, Bonifacio Tupaz, presidente ng TUPAS at tagapangulo ng PMP, at mahigit 30 lider-obrero at organisador. Ni*raid* ng militar ang opisina ng PANALO, NFL, NAFLU, ADLO at KMU.

Sa pagkakataong ito tumingkad ang kahinaan ng KMU. Sa kabila ng banta nitong maglulunsad ng pangkalahatang welga laban sa panunupil sa alyansa walang ganitong protestang nailunsad ang alyansa. Gayunman, inilunsad kadyat ang "Free Ka Bert Olalia at Ka Crispin Beltran Campaign". Noong Disyembre 19, dalawang buwan matapos ang atake, nakapaglunsad pa ng espesyal na kongreso ang KMU para konsolidahin ang hanay nito. Senyal ito na matagumpay na nalampasan ng KMU ang atake.

Pagpasok ng taong 1983, inilunsad ng militanteng kilusang manggagawa ang isang malawak na Kampanyang Mayo Uno. Sa matagumpay nitong paglulunsad, wala nang dudang naitatag ng KMU ang sarili bilang isa nang di matitinag na sentro ng militanteng unyonismo. Sa mga protestang 1983-1987 nagpatuloy ang pagragasa ng protestang manggagawa kasabay ng ibang sektor.

**Mga salik sa pag-unlad ng militanteng kilusang manggagawa**

Gaya nang nabanggit na, may dalawang mahalagang panlabas na salik sa pag-unlad ng militanteng kilusang manggagawa sa panahon ng batas militar: ang batas militar mismo at ang mga epekto nito sa manggagawa at mamamayan; at ang nabuong paborableng sentimyentong publiko.

Mahalagang salik sa pag-unlad ng militanteng kilusang manggagawa ang kilusang lihim na binubuo ng mga militanteng unyonista, mga puwersa ng KPD at iba pang tumulong nang lihim sa militanteng unyonismo. Bukod sa nagsilbing gulugod ng mga hayag na pagkilos at organisasyon ng mga manggagawa, ito ang tumiyak nang pag-angat ng antas ng kamalayan, pakikibaka at organisasyong manggagawa at nagbigay dito ng direksyon. Sa bagay na ito, malaking papel ang ginampanan ng *Kilusang Pambansang Demokratiko*.

Sa simula pa lamang ng batas militar, may mga hayag at legal na sentro ng inisyatiba na nagpaunlad ng militanteng kilusang manggagawa. Responsable ang mga ito sa pagbibigay ng hayag na pamumuno, pag-oorganisa, pagpapakilos at pagmumulat sa pinakamalawak na bilang ng mga manggagawa.

Sa pamamagitan ng nagkakatulungang pagpupunyagi ng kilusang lihim at ng mga hayag na sentro ng inisyatiba at suporta, napaunlad ang militanteng kilusang manggagawa. Sa pagkabig ng paborableng sentimyentong publiko at pagtiyak ng suporta sa militanteng unyonismo, malaking tulong ang naiambag ng mga taong simbahan at mga institusyong pinamunuan nila.

Sa panimulang pagkilos sa mga unang taon ng batas militar, tatlong pangunahing aksyon ang ginawa ng mga nakikibakang manggagawa, sa kanilang sariling pagsisikap at sa tulong ng kilusang lihim at ng mga hayag na sentro ng inisyatiba:

1. ginamit nila ang sistema ng negosasyon at arbitrasyon at ibang daluyan at institusyon na pinahintulutan ng rehimen para isulong ang mga kahilingan ng mga manggagawa;

2. inilunsad nila ang iba-ibang anyo ng sama-samang pagkilos ayon sa hinihingi ng sitwasyon at ayon sa kakayahan

ng mga tao bilang suplemento at suporta sa mga legal na hakbang na ginawa nila; at,

3. sinimulan nilang magbuo ng mga samahan na nagtaguyod ng sama-samang pagkilos sa paglaban sa kahilingan ng mga manggagawa; sinimulan na rin ang pag-uugnayan at pagtutulungan ng mga manggagawa ng iba't ibang pabrika.

Nang bumulwak ang mga protesta, pinangunahan ng kilusang lihim at ng mga hayag na sentro ng inisyatiba ang pagkonsolida sa mga kahilingan ng mga manggagawa at ang pagbubunsod ng mga nagkakaisang militanteng pagkilos para sa mga ito. Sa pagkakataong ito, pinatampok ang ilan pang ideya:

1. ang pangangailangang magbuo ng mga manggagawa ng matibay na pagkakaisa sa loob at labas ng pabrika para maisulong ang komon nilang kahilingan at adhikain; nagkaanyo ito sa alyansang manggagawa na noon ay nanguna sa mga militanteng pagkilos;

2. ang pangangailangang harapin ng mga manggagawa hindi lamang ang kapitalista kundi ang pagtutulungan ng kapitalista, ahensya ng gobyerno at militar laban sa kanilang kagalingan; at,

3. ang pangangailangang makipagkaisa ng mga manggagawa sa ibang sektor na dumaranas din ng kahirapang dulot ng mga lisyang patakaran at imposisyon ng gobyerno.

Sinamantala ng militanteng kilusang manggagawa ang pag-agos ng protesta noong 1976-1980 para tuloy-tuloy na isagawa ang pag-aangat ng kamalayan, pakikibaka at organisasyong manggagawa. Sa panahong ito, pinatampok ang mga relatibong bagong ideya:

1. ang pangangailangang magkaisa at kumilos ng mga manggagawa bilang isang uri na may sariling katangian at kakanyahan, adhikain at kinabukasan;

2. ang pangangailangang ipagtanggol ng mga manggagawa hindi lamang ang interes at kalayaan ng sariling uri kundi pati na ang interes at kalayaan ng buong bayan;

3. ang pangangailangang ihanda ang pangkalahatang welga bilang sandata sa pakikibaka ng mga manggagawa.

Sa kabila ng mga sakripisyo at kahirapan, pinanday sa panahong ito ang limang instrumentong ginamit ng mga militanteng manggagawa sa pagsusulong ng kilusan nila: kilusang lihim, militanteng unyon at alyansang manggagawa, edukasyong pang-unyon at pampulitika, pang-unyon at pampulitikang pakikibaka, at alyansang multisektoral.

Sa unang tatlong taon ng dekada 1980 lumitaw ang mga bagong pag-unlad sa militanteng unyonismo bukod sa pagkabuo ng KMU. Kabilang rito ang paglulunsad ng koordinado at pangkalahatang welga at ang pagbubuo ng alyansang manggagawa sa sonang industriya at teritoryo. Lalong naging mahigpit na bahagi ng pambansang pakikibaka para sa kalayaan at demokrasya ang mga protestang pampabrika.

**Pagpapaibayo ng kapangyarihang manggagawa**

Isa ang manggagawa sa mga uri at sektor sa lipunan na walang kapangyarihan at wala sa kapangyarihan. Kahati sila sa paglikha ng yaman ng bayan; kahati sila sa paghihirap ng bayan. Ngunit kahit kailan di sila nakahati sa matamis na bunga ng kanilang pagpapakasakit. Mangyari nga, wala silang kapangyarihan.

Sa isang pananaw, ang pakikibakang manggagawa sa ilalim ng batas militar ay pakikibaka para sila magkaroon ng kapangyarihan. Sa mahigit sampung taong pakikibaka, nagawa ng militanteng kilusang manggagawa na malikha ang kapangyarihang manggagawa. Kapangyarihang may malaking ambag sa pagpapahina at pagpapabagsak sa diktadura.

Batay sa pag-aaral sa pag-unlad ng militanteng kilusang manggagawa noong 1972-1982, iniharap ang mga sumusunod na mungkahi sa pagpapanatili at pagpapalakas ng militanteng kilusang manggagawa upang patuloy itong makaganap ng mahalagang papel sa panlipunang pagbabago.

Kailangang isaalang-alang ng mga sentro ng inisyatiba ang pagbabago sa panlabas na salik upang maiangkop dito ang pagsusulong ng kamalayan, pagkilos at organisasyon ng mga manggagawa. Ipinakita sa pag-aaral ang napakahalagang ambag ng mga ito sa paglakas ng militanteng unyonismo. Di mapapasubalian na nanatiling malakas ang impak ng

mga panlabas na salik na ito sa pagpapaibayo ng kapangyarihang manggagawa sa kasalukuyang panahon.

Nananatiling malaki ang puhunan ng militanteng kilusang manggagawa sa usapin ng dalawang mahalagang panlabas na salik. Bagaman napatalsik ang pangkating namatnugot sa batas militar, nananatili pa rin ang sistemang nagdudulot ng panunupil at kahirapan sa manggagawa at mamamayan. Nananatili ang batayan ng paborableng sentimyentong publiko sa harap ng kabiguan ng kasalukuyang dispensasyon na lutasin ang mga suliranin ng mamamayan.

Sa kabila nito, totoo ding nagkaroon ng pagbabago sa dalawang panlabas na salik na dapat kilalanin at isaalang-alang. Mas lumakas ang kapasidad na manlinlang ng "bagong" sistema na humalili sa diktadurang Marcos. Mas lumakas ang kakayahan nitong pigilin o supilin ang protesta ng masa nang buksan nito ang sistemang isinara ng batas militar.

Binuksan ang kapangyarihang pampulitika at benepisyong pang-ekonomiya sa mas malaking bahagi ng elite. Mas lumapad ang base ng "bagong" sistema sa hanay ng elite kaysa sa dating rehimen. Maging ang ibang nakibaka sa diktadura at ang malaking bahagi ng populasyon ay binigyang pag-asa ng tinatawag na "pagluluwag ng demokratikong espasyo."

Bunga ng pagkakamit ng layuning pangunahing nagtulak sa mga tao para magprotesta – ang pagpapatalsik sa diktadurang Marcos – nagkaroon ng pangkalahatang paghupa sa antas ng aktibidad ng taumbayan. Pangkalahatang paghupa na dulot din ng "pag-asang" idinulog ng "bagong" dispensasyon at ng kagustuhan ng mamamayan na "bigyang pagkakataon" ang bagong gobyerno na patunayan nito sa gawa ang mga pangako at plano nito. Sa pag-iral ng dalawang "bagong" kalagayang ito nagawa ng pamahalaan na pakawalan ang matinding panunupil laban sa mga patuloy pang nakibaka para sa pagbabago.

Ilang maaaring gawing hakbang ng militanteng kilusang manggagawa kaugnay ng dalawang mahahalagang panlabas na salik ang mga sumusunod:

1. Masigabong ilantad, sa tradisyonal at bagong paraan at daluyan, ang mapanlinlang na aspekto ng "bagong" sistema

na dumidisarma sa taumbayan. Kaugnay nito ang patuloy, mapanlikha at malawakang pagpapaliwanag ng mga saligang suliranin ng bayan at ang landas tungo sa kalutasan ng mga ito.

2. Tiyakin ang paglulunsad ng mga pang-ekonomiya at pampulitikang pagkilos na may malawak na partisipasyon ng mga manggagawa at mamamayan, organisado at di-organisado. Ito ang titiyak ng malawak na suporta ng publiko sa mga pagkilos. Bukod sa pagtugon sa mga kadyat na kahilingan, nagsisilbi ito na paaralan at daluyan ng malawakang pakikisangkot ng mga manggagawa at ibang sektor sa mga usaping pambayan.

3. Ayudahan ang mga protesta at kilusan para sa pagbabago ng ibang uri at sektor. Ipinakita ng karanasan na ang ibayong pagsulong ng militanteng kilusang manggagawa ay nagaganap sa mahigpit na pakikipag-ugnayan sa ibang kilusang panlipunan. Nasa interes, kung gayon, ng militanteng kilusan na mag-ibayo rin ang pagsulong ng kilusan ng ibang uri at sektor.

Sa pagharap sa bagong kapaligiran, kailangang magpanibagong-bihis at sigla ang militanteng kilusang manggagawa. Ang pagtupad ng mga dati at bagong gawain sa bagong kapaligiran ay nangangahulugan ng patuloy na pagbabago ng kamalayan, pagkilos at organisasyon ng mga manggagawa.

Ang mga nangingibabaw ngayong kaisipan, pamamaraan at gawi ng militanteng kilusan ay produkto, sa isang banda, ng pag-unlad sa kapaligirang umiral bago at sa panahon ng batas militar. Sapagkat nagkaroon ng malaking pagbabago sa kapaligiran, huwag pang banggitin ang naganap na pagbabago sa loob mismo ng kilusan, natural lamang na humanap at tumuklas ng mga bago at angkop na kaisipan, pamamaraan at gawi habang patuloy na pinapaunlad ang mga dating hanggang ngayon ay mapapakinabangan pa rin ng kilusan.

Isa sa mga kaagad na maaapektuhan ng pagbabago ang gawaing pag-aaral at pagsasanay ng mga manggagawa. Gaya ng iba, produkto ito ng pangangailangan ng pakikibaka sa rehimeng batas militar. Ang pagpapaibayo ng kapangyarihang manggagawa sa kasalukuyan ay mangangailangan ng ibayong pagpapalalim sa kaalamang manggagawa – hindi lamang

na kasanayan sa pamamahala at kahusayan sa pagsusuri ng mga napapanahong usapin kundi laluna sa kasanayan sa malalim na pag-unawa sa kasaysayan at tunguhing lalandasin ng kilusan.

Sa pag-iibayo ng kapangyarihang manggagawa, kailangang magpalitaw ng maraming manggagawa na makapagbibigay ng lahatang-panig na pamumuno at magpapakadalubhasa sa mga partikular na gawain at tungkulin. Kailangang bigyan ng panahon ang mga beteranong lider at organisador na masuri ang kanilang karanasan, magkaroon ng pag-aaral at pagsasanay na angkop sa mga bagong responsibilidad, at makapagbagong-bihis at sigla sa pagkilos. Kailangan ding bigyan ng pagkakataon ang mga bagong sibol na lider at organisador na gumampan ng mas mabigat na responsibilidad nang mabigyang-laya ang kanilang inisyatiba at masubok ang bago nilang ideya hinggil sa pagpapatakbo ng kilusan.

Sapul pa noong 1986, marami nang bagong gawain ang nabuksan, kabilang ang pagpapaunlad ng mga kooperatiba at mga proyektong sosyo-ekonomiko, habang ang mga palagiang gawain ay humihingi ng mga bagong ideya at pamamaraan ng pagpapaunlad. Sa mga bagay na ito, makakapagtulungan kapwa ang mga beterano at bagong sibol na lider at organisador.

Ang pagtangan sa mga lumawak na gawain ay matutugunan ng pagpapakawala ng inisyatiba at mapanlikhang kakayahan ng mga manggagawa at aktibista mula sa antas ng unyon at planta. Sa bagay na ito, mangangailangan ng ilang pag-angkop sa organisasyon, kamalayan, pamamaraan at gawi ang mga militanteng unyon. Gaya nang karanasan noong batas militar, sa proseso ng pakikibaka lumilitaw, natutuklasan at napapanday ang mga potensyal na lider at organisador sa iba't ibang gawain.

Sa pagsigabo ng inisyatibang manggagawa, maaasahan na lilitaw ang maraming sentro ng inisyatibo – sa hanay mismo ng mga manggagawa at sa hanay ng mga sumusuporta sa kanila. Habang hinahayaan ito, kailangang pagkaisahin sila sa isang layunin at adhikain, bagay na magagawa sa proseso ng patuloy na pakikibaka.

Sa pagpapaibayo ng kapangyarihang manggagawa, siguradong papanday ang militanteng kilusan ng mga bagong

instrumento sa pakikibaka. Di dapat kaligtaan, gayunman, na paunlarin ang mga instrumentong nabuo sa panahon ng batas militar: lahatang-panig na edukasyon, lahatang-panig na pakikibaka; maraming sentro ng inisyatiba, pagtutulungang multisektoral at gulugod na kilusang lihim.

Sa pagpapaibayo ng kapangyarihang manggagawa sa bagong kapaligiran, may mahalagang papel na magagampanan ang mga militanteng unyon na iniluwal ng pakikibakang manggagawa sapul pa noong 1972. Bunga ito ng katotohanang ang mga establisadong militanteng unyon ay tumatangan na ng kapangyarihan sa mga planta at mahigpit pang nakaugat sa mga manggagawa.

Habang hindi iniiwanan ang mga palagiang gawaing pang-unyon na kailangang paghusayin pa, kailangan nang pumalaot ng mga militanteng unyon sa pagpapaibayo ng kapangyarihang manggagawa sa labas ng pabrika. Sa ganitong paraan sila makakatulong sa pag-ako ng kapangyarihan ng mga walang kapangyarihan at maiimpluwensyahan ang takbo ng mga pangyayari sa lipunan. Sa ganitong paraan nila mapasisidhi ang kapangyarihang taglay nila ngayon. Sa gayon, patuloy silang magiging mahalagang puwersa ng pagbabago sa lipunan.

Mula sa pag-aaral, malinaw na ang tagumpay, kaalwanan at kapangyarihang tinatamasa ng mga militanteng unyon ay bunga di lamang ng sarili nilang pakikibaka kundi bunga laluna ng pangkalahatang sakripisyo at pakikibaka ng buong uring manggagawa at ng militanteng kilusang manggagawa. Di mapapasubalian, kung gayon, na may responsibilidad din ang mga militanteng unyong ito sa kapwa nila manggagawa at iba pang mamamayan.

Ilang mungkahi ang mababanggit na maaari nang gampanan ng mga establisadong militanteng unyon.

1. Palawakin ang saklaw ng kapangyarihang manggagawa na taglay ng bawat militanteng unyon sa pag-oorganisa ng mga manggagawa sa kanilang erya, linya ng industriya at kalapit na komunidad.

2. Suportahan ang mga panteritoryong alyansang manggagawa bilang instrumento sa pag-abot sa malaking bilang ng manggagawa sa erya at sa pakikisangkot sa mga usaping panteritoryo at pangkomunidad.

3. Suportahan ang mga kilusang panlipunan na nagtataguyod ng kagalingan ng buong bayan.

Bahagi ng pagpapalakas ng kapangyarihang manggagawa ang pagpapalakas ng kapangyarihan ng mga sektor na walang kapangyarihan. Sa pagtangan ng kapangyarihan ng maraming walang kapangyarihan, mabibigyang-hugis ang kinabukasan ng bayan ayon sa pananaw at adhikain ng nakararaming bumubuo nito.

**Tala**

1. Para sa bahaging ito, basahin si Frances Fox Piven at Richard A. Cloward, Poor *People's Movement Why They Succeed How They Fail* (New York: Pantheon Books, 1977).

2. Mababasa ang balita sa mga pahayagang lihim: ***Anak Pawis*** (Enero 15, 1974 at Enero 25, 1974), *Taliba ng Bayan* (Disyembre 30, 1973 at Enero 15, 1974), *Liberation* (December 10, 1973 at January 17, 1974).

3. Nasa *Anak Pawis* (Abril 15, 1974) ang balita.

4. Ang mga balita ay mula sa sumusunod: PAFLU Information Bulletin (February 1974), Liberation (November 30, 1973), Taliba ng Bayan (Disyembre 30, 1973); interbyu kay Carlito Rallistan, presidente ng ADLO (Nobyembre 11, 1989); Benjamin Pimentel, Jr., EDJOP The Unusual Journey of Edgar Jopson (Quezon City: KEN Inc., 1989).

5. Ang istorya ng pakikibaka ng mga batilyo at mga taga-Gelmart ay mababasa sa *Various Reports, Signs of the Times, Philippine Collegian*, at *PAFLU Information Bulletin*. Ininterbyu din ng sumulat ang ilang kalahok sa dalawang pakikibaka.

6. Ang kuwento ng La Tondeña ay nasa *Signs of the Times, Taliba ng Bayan, Anak Pawis,* at Pimentel, EDJOP. Sinangguni rin ang mga manipesto ng welga.

7. Mababasa ang mga balita sa kampanya sa *NASSA News, Philippine Collegian, Signs of the Times, Taliba ng Bayan, Balita ng Malayang Pilipinas* (BMP) at mga manipesto ng *Bukluran ng Manggagawang Pilipino* (BMP o *Bukluran*).

8. Ang mga balita ukol sa misa-prusisyon ng Nobyembre 23 at Disyembre 6, 1975 ay nasa *Signs of the Times* (November 28, 1975 at December 12, 1975), *Taliba ng Bayan* (Disyembre

2, 1975), *BMP* (November 30, 1975 at December 7, 1975), *Bukluran* (Enero 7, 1975), at *Philippine Collegian* (Disyembre 10, 1975).

9. Ang mga balita ay nasa *Bukluran* (Enero 7 at 22, 1976), *Signs of the Times* (January 9, 1976) at BMP (November 15, 1975).

10. Mula sa "Ang Paninindigan ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino," *Bukluran* (Enero 7, 1975).

11. Mababasa ang istorya ng Solid Mills sa *Bukluran* (Mayo 16, 1976), Signs of the Times (May 15, 1976), BMP (Hunyo 15, 1976) at sa mga pahayag ng mga manggagawa ng Solid Mills.

12. Mula sa "Pahayag ng mga manggagawa ng Solid Mills," Hulyo 15, 1977.

13. Nasa mga sumusunod ang istorya ng Mead Johnson: *Signs of the Times* (June 19, 1976; July 10, 1976; July 17, 1976) at mga pahayag ng mga manggagawa ng kumpanya.

14. Ang mga balita ukol sa EEI ay nasa *Liberation* (May 1 at June 15, 1977), *Ichthus* (April 20, 1977), BMP (April 24, 1977), Intercom (April 14, 1977) at *Taliba ng Bayan* (April 11, 1977).

15. "Kongreso ng *Kapatiran*, matagumpay na inilunsad," *Kapatiran* (Disyembre 1977).

16. Ang mga welga ay nabalita sa NASSA News (May 1978), *Liberation* (May 7, 1978), *Ichthys* (June 30, 1978).

17. Ang istorya ng sama-samang pagkilos sa otel ay nasa *Icthys* (June 2 at 30, 1978) at BMP (July 1, 1978).

18. Manipesto ng Manggagawa, Mayo 1, 1980.

19. Interbyu kina Carlito Rallistan, presidente ng ADLO at Roberto Ortaliz, pangkalahatang kalihim ng KMU.

20. Mula sa Sinusugang Saligang Batas ng KMU.

21. Philippines (Republic). *National Statistics Office, Philippine Yearboook 1987* (Manila: NSO, 1987), pp. 663.

22. Sinipi sa *Liberation* (April-May 1981).

23. Nasa *Philippine Labor Monitor* (June 1984) ang kuwento ng mga koordinadong welga sa BEPZ.

24. Edwin de la Cruz, "Cosmos strike: sweet triumph for softdrink workers," WHO (July 14, 1982).

## Mga Akronim

| | |
|---|---|
| ADLO | Association of Democratic Labor Organizations |
| DOL | Department of Labor |
| DOLE | Department of Labor and Employment |
| FFW | Federation of Free Workers |
| GATCORD | National Union of Garment, Textile, Cordage and General Workers of the Philippines |
| MOLE | Ministry of Labor and Employment |
| NAFLU | National Federation of Labor Unions |
| NATU | National Association of Trade Unions |
| NFL | National Federation of Labor |
| NFSW | National Federation of Sugar Workers |
| NLRC | National Labor Relations Commission |
| NUWHRAIN | National Union of Workers in Hotel, Restaurant and Allied Industries |
| PAFLU | Philippine Association of Free Labor Unions |
| PANALO | Philippine Alliance of Nationalist Labor Organizations |
| SGTU | Standing Group for Trade Unions |

• • •